Mensahe Labindalawa

# Pamumuhay ng isang Nananaig na Buhay sa pamamagitan ng Paghahari sa Buhay upang Maging ang Bagong Herusalem bilang ang Lunsod ng Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Roma 5:10, 17, 21; 14:17-18; Marc. 4:26-29; Luc. 17:21; Mat. 24:14

**I. Ang tunay na buhay-Kristiyano ay ang buhay ng isang mandaraig, at ang lahat ng mandaraig sa Bagong Tipan ay dapat maging mga hari na nakatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran upang maghari sa buhay—Roma 5:17:**

A. Bilang mga propeta at saserdoteng itinalaga ng Diyos, tayo rin ay mga hari na hinahayaan ang Diyos na mamuno sa loob natin at sa pamamagitan natin sa ibabaw ng lahat ng Kanyang mga kaaway; ang mga mananampalataya sa Bagong Tipan ay dapat maging katuparan ng tipolohiya ng mga hari, mga saserdote, at mga propeta sa ekonomiya ng Diyos:`

1. Sa Bagong Tipan, ang lahat ng mananampalataya ay naligtas upang maging mga hari at mga saserdote; kapag nagsasalita ang mga saserdote para sa Diyos, sila ay nagiging mga tagapagsalita ng Diyos, ang bibig ng Diyos, at ang mga ito ay mga propeta—1 Ped. 2:5, 9; Apoc. 1:6; 20:6; 22:3-5; 1 Cor. 14:12, 24-25, 31.
2. Ang pagpopropesiya (ang pagsasalita ng Kristo tungo sa mga tao) ay ginagawa tayong mga mandaraig; ang pagpopropesiya ay ang pangsyon ng mga mandaraig—b. 4b; 1 Ped. 4:10-11; Gawa 5:20 at talababa 2.

B. Kung hindi pa natin naabot ang antas ng isang hari sa ating buhay- Kristiyano, tayo ay mas mababa pa rin sa wastong pamantayan; masasabi natin na tinatamasa natin si Kristo, subalit sa anong antas, sa anong sukat, natin tinatamasa si Kristo?

C. Ang ating pagtatamasa kay Kristo ay maaaring “isang pulgada lamang ang taas,” subalit si Kristo ay di-nalilimitahan; ang ating pagtatamasa kay Kristo ay dapat umabot sa antas ng pagkahari; kailangan nating tumanggap ng biyaya sa biyaya hanggang sa sukat na ang biyaya ay naghahari sa loob natin upang tayo ay maging mga mabuting katiwala ng iba’t ibang biyaya ng Diyos—Fil. 3:13; Juan 1:16; Roma 5:21; 1 Ped. 4:10; Efe. 3:2.

D. Ang kumpletong pagliligtas ng Diyos ay ang maligtas tayo sa buhay ni Kristo upang maghari sa buhay na ito sa pamamagitan ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran (Roma 5:10, 17, 21); ang kaloob ng katuwiran ay ang pambatas na pagtutubos ng Diyos na naiaplay sa atin sa praktikal na paraan; ang biyaya ay ang Diyos Mismo bilang ating sumasapat sa lahat na panustos para sa ating organikong kaligtasan.

**II. Ang Apocalipsis, ang huling aklat ng Biblia, ay isang aklat hinggil sa mga mandaraig; sa kapitulo 2 at 3, nagbibigay ang Panginoon ng pitong ulit na pagtawag sa atin, ang Kanyang mga mananampalataya, ang mga espiritwal na inapo ng ating dakilang amang si Abraham upang maging Kanyang mga mandaraig (2:7, 11, 17, 26; 3:5, 12, 21), yaong mga lumulupig sa lahat ng makasatanas na kaguluhan (cf. Col. 1:17b, 18b, 10) at nananagumpay sa dibinong ekonomiya (Roma 8:37; 2 Cor. 2:14):**

A. Mula sa pananaw ng Diyos ay may apat na pangunahing lahi ng tao: ang lahi ni Adam, ang lahi ni Abraham ayon sa laman (Gen. 13:16), ang lahi ni Abraham ayon sa Espiritu (15:5; Gal. 3:7, 29), at ang lahi ng mandaraig; dapat nating ideklara sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu ng pananampalataya na tayo ay nabibilang sa lahi ng mga mandaraig (2 Cor. 4:13).

B. Ipinakikita sa atin ng aklat ng Apocalipsis na kung walang mga mandaraig, si Kristo ay walang paraang makabalik; alam natin na si Kristo ang ating daan (Juan 14:6a), subalit sa kaibuturan ng Kanyang puso, nais sabihin ni Kristo sa mga mandaraig na sila ang Kanyang daan; ang mga mandaraig ay ang mismong daan upang si Kristo ay makabalik (Apoc. 19:7-9; Aw. 45:13-14).

C. Hayaang pagpalain ka ng Diyos na gawin kang isang mandaraig ngayon, namumuhay ng isang buhay upang maghari; ang bukod- tanging pagpapalang ito ay ang walang hanggang pagpapala ng Tres-unong Diyos na ipinamamahagi ang Kanyang sarili tuingo sa atin para sa ating katamasahan—Bil. 6:22-27; 2 Cor. 13:14; Efe. 1:3; Gal. 3:14.

**III. Upang tayo ay makapaghari sa buhay para maging mga mandaraig ng Panginoon, kailangan nating makita na tayo ay naisilang na muli na may isang dibino, espiritwal, makalangit, makahari, at maharlikang buhay; sinabi ng Panginoon, "Ganyan ang kaharian ng Diyos: parang isang taong naghahasik ng binhi sa lupa"—Marc 4:26; 1 Juan 3:9:**

A. Ang binihing ito ay ang binhi ng dibinong buhay (b. 9; 1 Ped. 1:23) na inihasik tungo sa mga mananampalataya, nagpapakita na ang kaharian ng Diyos, na siyang kinalabasan at gol ng ebanghelyo ng Panginoon, at ang ekklesia sa kapanahunang ito (Roma 14:17) ay isang bagay ng buhay, ang buhay ng Diyos, na sumisibol, lumalago, namumunga, gumugulang, at nagbubunga ng ani (1 Cor. 3:6-9; Apoc. 14:4, 15-16).

B. Ang kaharian ng Diyos ay si Kristo Mismo (Luc. 17:21); bilang ang Tres-unong Diyos sa pagkatao (Col. 2:9), Siya ang binhi, "ang gene," ng kaharian ng Diyos upang maihasik tungo sa piniling bayan ng Diyos nang sa gayon ay lumago Siya sa loob nila, mamuhay sa loob nila, at maihayag mula sa loob nila upang umunlad tungo sa kinasasaklawan ng pamumuno ng Diyos (Marc. 4:26-29; 1 Cor. 3:9).

C. Ang intrinsikong elemento ng buong pagtuturo ng Bagong Tipan ay yaong ang Tres-unong Diyos ay nagkatawang-tao upang maihasik tungo sa Kanyang piniling bayan at umunlad sa loob nila tungo sa isang kaharian; ang gol ng Diyos ay ang ganap na pagpapaunlad ng kaharian ng Diyos:

1. Sa mga Ebanghelyo ay mayroon tayong paghahasik ng binhi, ang gene, ng kaharian—Marc. 4:3, 14; Mat. 9:35.
2. Sa Mga Gawa ay mayroon tayong pagpaparami at pagpapalaganap ng paghahasik na ito sa pamamagitan ng libo-libong manghahasik na nakatanggap ng binhi, ng gene, ng kaharian—6:7; 12:24; 19:20.
3. Sa mga Liham ay makikita natin ang paglago ng binhi, ng gene, ng kaharian—1 Cor. 3:6, 9b; 2 Ped. 1:3, 11.
4. Ang pag-aani sa binhing ito ay matatagpuan sa aklat ng Apocalipsis kasama ang pag-aani sa mga unang bunga at sa ani—14:4, 15-16; Marc. 4:29; Mat. 13:39.
5. Ang milenyal na kaharian ay magiging ang sukdulang pagpapaunlad ng binhi, ng gene, ng kaharian kasama ang Anak bilang ang Hari at ang lahat ng mandaraig bilang Kanyang mga kasamang hari, ang "bayang kaharian-gene"—Apoc. 20:6.
6. Ang Bagong Herusalem, ang walang hanggang kaharian ng Diyos, ay ang lubusang pagpapaunlad ng binhi ng kaharian, ng gene, na inihasik ni Hesus na Nazareno sa apat na Ebanghelyo—Apoc. 21:2; 22:1, 3, 5; 5:10; 3:12; 11:15; 19:6; 20:6; Awit 146:10.
7. Kailangan nating maging kaisa ng Panginoon na magpahayag ng ebanghelyo ng kaharian sa buong pinananahanang lupa para sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng binhi, ng gene, ng kaharian upang pasukdulin ang kapanahunang ito—Mat. 24:14.

**IV. Sa karanasan, ang maghari sa buhay ay nangangahulugang mapasailalim ng pamumuno ng dibinong buhay:**

A. Si Kristo ay isang tularan ng paghahari sa buhay sa pagiging nasa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay ng Ama—cf. 8:5-13.

B. Si Pablo ay isang halimbawa ng isa na, sa kanyang buhay at ministeryo, ay nasa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay—2 Cor. 2:12-14.

C. May pangangailangan para sa lahat ng mananampalatayang nakatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran na isagawa ang paghihigpit at limitasyon sa dibinong buhay; ang isang buhay sa ilalim ng pamumuno ng kaharian ay isang buhay ng katuwiran, kapayapaan,

at kagalakan sa Espiritu Santo; ang mamuhay sa ganitong paraan ay ang maglingkod kay Kristo bilang isang alipin, at ang gayong buhay ay kalugod-lugod sa Diyos at aprobado ng mga tao—Roma 14:17-18; cf. 1 Cor. 12:3.

V. **Inihahayag ng Deuteronomio na ang wastong hari ay dapat munang naturuan, napamahalaan, napamunuan, at nakontrol ng salita ng Diyos (17:14-15, 18-20); ang prinsipyong ito ay dapat gayundin sa mga matanda sa mga ekklesia at sa ating lahat na naghahangad maghari sa buhay (2 Tim. 3:14-17):**

A. Upang makapamahala, upang makapangasiwa, ng ekklesia, ang mga matanda ay dapat muling mabuuan ng salita ng Diyos (1 Tim. 3:2; 5:17); bilang resulta, sila ay mapapasailalim ng pamahalaan ng Diyos, mapapasailalim ng pamumuno at kontrol ng Diyos.

B. Pagkatapos kusang-kusa, ang Diyos ay magiging nasa kanilang mga desisyon, at kakatawanin ng mga matanda ang Diyos upang pangasiwaan ang mga bagay-bagay ng ekklesia; ang ganitong uri ng pangangasiwa ay teokrasiya.

C. Sa ilalim ng pangunguna nina Ezra at Nehemias, ang nagsibalik na bayan ng Israel ay sama-samang muling nabuuan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita upang maging isang bayan bilang patotoo ng Diyos; ang muling mabuuan ang bayan ng Diyos ay ang edukahan sila sa pamamagitan ng paglalagay sa kanila tungo sa Salita ng Diyos upang sila ay matigmakan ng salita—Neh. 8:1-18.

D. Ang salita ng Diyos ay kaisa ng Espiritu (Juan 6:63; Efe. 6:17); sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabasa ng dibinong Salita, ang salita ng Diyos ay gumagawa sa loob natin, at ang Espiritu, sa pamamagitan ng salita, ay kusang namamahagi ng kalikasan ng Diyos kasama ang elemento ng Diyos tungo sa ating katauhan, sinasanhi tayo na mabuuan ng Diyos.

VI. **Upang makapaghari sa buhay, kailangan din nating mapasailalim ng pamumuno ng Espiritu; ang talâ ng buhay ni Jose ay isang pahayag ng pamumuno ng Espiritu, sapagkat ang pamumuno ng Espiritu ay ang naghaharing aspekto ng isang gumulang na banal; ito ay isang buhay na naghahari sa buhay, pagiging nasa ilalim ng paghihigpit at limitasyon ng dibinong buhay sa realidad ng kaharian ng Diyos, at ito ay mas mataas kaysa sa iba pang aspekto ng Espiritu—Roma 5:17, 21; 14:17-18; 1 Cor. 2:15-16; 2 Cor. 2:13-14; 3:17-18; 2 Tim. 4:22; Apoc. 4:1-3:**

A. Si Jose, isang "dalubhasa sa mga panaginip" (Gen. 37:19), ay nanaginip na batay sa pananaw ng Diyos, ang Kanyang bayan ay mga bigkis ng trigo na punô ng buhay at mga makalangit na bagay na punô ng liwanag (bb. 5-11); ang dalawang panaginip ni Jose (bb. 7, 9), na kapwa mula sa Diyos, ay naghayag sa kanya ng dibinong pananaw ng Diyos hinggil sa kalikasan, posisyon, pangsyon, at gol ng bayan ng Diyos sa lupa.

B. Ang mga panaginip ni Jose ang nagkontrol ng kanyang buhay at namahala sa kanyang gawi; gumawi siya nang ekselente at kahanga-hanga sapagkat siya ay napamahalaan ng pangitaing nakita niya sa kanyang mga panaginip (cf. Gawa 26:19); inilabas ng kanyang mga kapatid ang kanilang galit (Gen. 37:18-31) at nagpasasà sa kanilang pita (38:15-18), subalit sinupil ni Jose ang kanyang galit at nilupig ang kanyang pita (39:7-23), gumagawi bilang isang bigkis na punô ng buhay at iginawi ang kanyang sarili gaya ng isang makalangit na bituin sa kadiliman.

C. Ang buhay ni Jose sa ilalim ng makalangit na pangitain ay ang buhay ng kaharian ng kalangitan na inilarawan sa Mateo 5—7; sa pamamagitan ng pamumuhay ng gayong buhay, siya ay lubusang naihanda upang maghari bilang isang hari; ayon sa saligang-batas ng makalangit na kaharian na inihayag sa mga kapitulong ito sa Mateo, ang ating galit ay dapat masupil, at ang ating pita ay dapat malupig (5:21-32).

D. Bilang kinatawan ng naghaharing aspekto ng gumulang na buhay, tinamasa ni Jose ang presensiya ng Panginoon at kasama nito ay ang awtoridad, kasaganaan, at pagpapala ng Panginoon—Gen. 39:2-5, 21, 33; Gawa 7:9.

E. Bagaman si Jose ay punô ng mga pantaong damdamin at mga pananaw batay sa emosyon tungo sa kanyang mga kapatid, pinanatili niya ang kanyang sarili kasama ang lahat ng kanyang mga damdamin sa ilalim ng pamumuno ng Espiritu; itinatwa niya ang kanyang sarili at lubusang inilagay ang kanyang sarili sa ilalim ng soberanong pangunguna ng Diyos, buong iginawi ang kanyang sarili para sa interes ng Diyos at ng Kanyang bayan—Gen. 42:9, 24; 43:30-31; 45:1-2, 24.

F. Si Jose ay isang buháy na paglalarawan ng kung ano ang inihahayag sa Bagong Tipan; siya ay isang taong nagtatatwa ng sarili na walang sariling interes, sariling pagtatamasa, sariling damdamin, sariling ambisyon, o sariling gol; ang lahat ng bagay ay para sa Diyos at para sa bayan ng Diyos; ang pagtatatwa ni Jose sa sarili, ang kanyang paghihigpit sa ilalim ng soberanong kamay ng Diyos, ay ang susi sa pagsasagawa ng buhay-kaharian—b. 24; Mat. 16:24; 2 Cron. 1:10; Isa. 30:15a; Fil. 1:9; 1 Tim. 5:1-2; 1 Tes. 3:12; 4:9; 2 Tes. 1:3; Roma 12:10; 1 Juan 4:9; Heb. 13:1.

G. Ang pagkatanto ni Jose ay yaong ang Diyos ang nagsugo sa kanya sa Ehipto; sa Genesis 50:20 ay sinabi niya sa kanyang mga kapatid, "[Bagama't] kayo'y nagnasa ng masama laban sa akin, nguni't inilagay [ito] ng Diyos para sa kabutihan" (45:5, 7; 50:19-21; cf. 41:51-52); ito ang realidad ng salita ni Pablo sa Roma 8:28-29; tinanggap ni Jose gaya ng mula sa Diyos ang lahat ng ginawa sa kanya ng kanyang mga kapatid, at pinaginhawa niya ang kalooban ng mga nanakit sa kanya (Gen. 45:5-8; 50:15-21); anong biyaya, at anong ekselenteng espiritu, ang mayroon siya!

H. Dapat nating gamitin ang "dibinong teleskopyo" upang makakita palagos ng panahon at mamasdan ang Bagong Herusalem, kung saan walang anuman kundi mga bigkis na punô ng buhay at mga bituin na punô ng liwanag; lalo tayong may paggulang sa buhay, mas kakaunti ang sasabihin nating negatibo hinggil sa mga banal o sa ekklesia—cf. 38:27-30; Mat. 7:1-5; 1 Ped. 3:8-9.

**VII. Kailangan nating makita at marating ang gol ng paghahari sa buhay; kapag tayo ay naghahari sa buhay, namumuhay sa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay, ang kinalabasan ay ang tunay at praktikal na Buhay-Katawan na inihayag sa buhay-ekklesia—Roma 12:1-4, 9-12, 15-18; 14:1-9; 15:1-13:**

A. Bilang mga nakapanampalataya tungo kay Kristo, tayo ay nailipat na tungo sa kaharian ng Anak ng pag-ibig ng Diyos, at sa buhay- ekklesia, ang pag-ibig ay nananaig (Col. 1:12-13); itinatayo ng Katawan ang sarili nito sa loob ng pag-ibig (1 Cor. 8:1; Efe. 1:4; 3:17; 4:2, 15-16; 5:2), at ang pag-ibig ang pinakaekselenteng daan upang tayo ay maging anuman at makagawa ng anuman para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang organikong Katawan ni Kristo (1 Cor. 12:31b; 13:4-8a).

B. Kung wala tayong Kristo bilang pag-ibig, ang lahat ng ating pagsasalita ay gaya ng "tansong tumutunog" at "isang pompiyang na tumataginting," na nagbibigay ng tunog na walang buhay—b. 1.

C. Ang buhay-ekklesia ay hindi isang himpilan ng pulis o isang hukuman kundi isang mapagmahal na tahanan upang palakihin ang mga espiritwal na anak, isang ospital upang pagalingin at ibalik ang mga maysakit sa normal na kalagayan, at isang paaralan upang magturo sa iba sa loob ng pag-ibig—Mat. 9:12; 2 Cor. 11:29a; Juan 8:7, 10-11; 1 Cor. 9:22; Luc. 15:1-7.

**VIII. Kapag tayo ay naghahari sa buhay, hinahayaan natin ang nananahanang Kristo bilang biyaya na maghari sa loob natin "tungo sa buhay na walang hanggan"; ito ang pagpapasukdol ng paghahari sa buhay—Heb. 4:16; Roma 5:17, 21:**

A. Sinasabi ng Juan 4:14b, "Ang tubig na sa kanya ay Aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal tungo sa buhay na walang hanggan."

B. Ang *tungo sa* ay nagsasaad ng destinasyon; ang buhay na walang hanggan ay ang destinasyon ng umaagos na Tres-unong Diyos; ang *tungo sa* ay nangangahulugan ding "maging."

C. Sa pamamagitan ng pagtatamasa sa umaagos na Tres-unong Diyos—ang Ama bilang ang bukal ng buhay, ang Anak bilang ang batis ng buhay, at ang Espiritu bilang ang ilog ng buhay—

tinatanggap natin ang kasaganaan ng biyaya upang maging ang Bagong Herusalem bilang totalidad ng buhay ng Diyos, ang lunsod ng buhay; kaya, ang kinalabasan at kasukdulan ng ating paghahari sa buhay ay dapat ang bukod-tangi at sukdulang gol ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—ang Bagong Herusalem.

*© 2022 Living Stream Ministry*